October 19, 2007 - Gusto mo bang gumawa ng website?

If you like this post, please **subscribe to the RSS feed**.*N.B. ? This was published in Vol. 6, No. 40 (October 17-23, 2007) of Pinoy Weekly (p. 5), the full text of which may also be retrieved from* http://www.pinoyweekly.org/pw[illegible]3.htm.

Isa sa mga eksperimento ko sa paghawak ng iba't ibang kurso sa pamamahayag ay ang pagtuturo ng *Web authoring* o paggawa ng *website*. Sinimulan ko ito noong 2000 at hanggang ngayon ay positibo pa rin ang pagtanggap ng mga estudyante ng pamamahayag sa Unibersidad ng Pilipinas (UP).Bukod sa dagdag na kaalamang naibabahagi sa kanila, pakiramdam nila'y mas naiintindihan nila ang susing teknolohiyang may kinalaman sa *Internet*. Sa kanilang paggawa at pagsusuri ng *source code* ng binubuong *website*, ang inisyal na intimidasyon ay napapalitan ng intensiyong ipagpatuloy ang kanilang proyekto kahit tapos na ang kurso.

Sa katunayan, marami sa mga dati kong estudyante ay kilala nang *webmaster* at *blogger*. May isa pa ngang naging *co-author* ng isang *tutorial* sa paggawa ng *website*. Para sa ibang lalo pang pinagyaman ang kanilang kaalaman, tuluyan na nilang pinasok ang larangan ng *information technology* (IT) habang patuloy pa rin ang kanilang pagsusulat.

Bagama't may ilan sa kanilang ginamit ang kaalaman para magbahagi ng makabuluhang impormasyon sa pamamagitan ng *Internet*, masasabing hindi pa rin malawak ang naaabot nila dahil sa limitasyon ng bagong midya sa Pilipinas. At ito ay isang batayang problema ng paggawa ng isang *website*: Hindi dapat magkaroon ng ilusyong kayang abutin ang nakararaming Pilipinong napakalimitado ng *access* sa *Internet*.

Pero hindi naman ito nangangahulugang dapat nang kalimutan ang paggamit ng bagong midya at tumutok na lang sa tinaguriang lumang midya (print, radyo at telebisyon). Ang mga migranteng Pilipino, halimbawa, ay hindi hamak na mas may access sa *Internet* lalo na kung sila ay nasa mauunlad na bansa. Ang mga banyagang grupo at indibidwal na interesado sa nangyayari sa Pilipinas ay madalas na pinagkukunan din ng impormasyon ang *Internet*. At siyempre pa, hindi natin dapat maliitin ang maitutulong ng ilang kababayan natin sa Pilipinas na nakakaangat sa buhay.

Dapat tingnan ang bagong midya hindi bilang kapalit ng "luma" kundi isa pang larangan para sa pagbabahagi ng impormasyong makakahubog sa pampublikong opinyon. Ito ang dahilan kung bakit may mga grupo at indibidwal na pinagtitiyagaang pag-aralan ang mga teknolohiyang may kinalaman sa *Internet* para isulong ang kanilang adyenda sa *cyberspace*.

Batay sa aking karanasan sa pagtuturo ng *Web authoring*, napakadali lang matutuhan ito. Kapag alam mo na ang mga batayang prinsipyo, madali nang gumawa ng mga pahinang bubuo ng *website*. Kung gagamiting batayan ang estilo ko sa klasrum, sapat na ang anim na oras (o dalawang sesyon na may tatlong oras bawat isa) para pag-aralan ang *Web authoring*.

Hindi mo na kailangan pang kumuha ng pormal na kurso na kung saan gagastos ka pa nang malaki. Sa isang survey noong 2001, sinabi ng 82.3 porsiyento ng mga kinapanayam na *Web developer* na sila ay natuto sa pamamagitan lamang ng sariling pag-aaral. Katulad nila, sariling sikap din ang pag-aaral ko ng *Web authoring*, at ang unang librong binasa ko hinggil dito ay pinamagatang "*Creating Web Pages for Dummies*."

Kung ang iyong intensiyon ay magbahagi ng makabuluhang impormasyon, mainam na gamitin ang iba't ibang porma ng midya. Bagama't may limitadong naaabot ang bagong midya sa Pilipinas, hindi masyadong malaki ang gastos dito kumpara sa paglilimbag ng publikasyong print o pagbabayad ng *blocktime* sa radyo at telebisyon. Gaya ng nabanggit, nakakaya rin ng bagong midyang abutin ang mga migranteng Pilipino at iba pang dayuhang grupo at indibidwal na interesadong malaman ang mga nangyayari sa Pilipinas.

Mainam na gamitin mo ang bagong midya, partikular ang *Internet*, para isulong ang iyong adyenda. Maniwala kang hindi mahirap ang gumawa ng isang *website*.

Tulad ng krisis na kinakaharap ng Pilipinas, sa una lang natin dapat maramdaman ang intimidasyon at kawalang pag-asa. Sa malalimang pagsusuri kasi ng mga pangyayari, makikita natin ang kabuuang larawan at malalaman natin kung ano ang ating dapat gawin.

Sa konteksto ng *website*, dapat nating isiping gagawa tayo nito hindi lang dahil sa alam natin kung paano kundi dahil sa may impormasyon tayong nais ibahagi.

Para makipag-ugnayan sa awtor, pumunta sa www.dannyarao.com.

Related Posts:

- Eleksiyon bilang limitadong espasyo
- Kagalingan ng isang taga-UP
- Trahedya sa panahon ng Facebook
- Huwag kang mag-blog kung...
- Usapang lalaki (2)

Print | Email | Share

- Share
-
-
-
-
-
-
-
-
- **Like this:** Like Loading...